# PAGPAPABAKUNA SA COVID-19 SA LOOB NG TAHANAN

**Ikaw ba o ang sinumang nasa iyong pangangalaga ay nahihirapang umalis ng bahay? Magpa-iskedyul ng LIBRENG pagbabakuna laban sa COVID-19 sa inyong tahanan!**

## Sino ang maaaring makatanggap ng bakuna sa loob ng tahanan?

**Lahat ng nasa edad 6 na buwan pataas na:**

- Maaaring tumanggap ng bakuna sa COVID-19 at
- May malala o umuulit na karamdaman, limitadong kakayahang kumilos, kapansanang debelopmental, o kundisyon sa pag-iisip na nagpapahirap sa pag-alis ng bahay.

**Ang pagpapabakuna sa COVID-19 sa loob ng tahanan ay LIBRE anuman ang iyong insurance, pagkamamamayan, o katayuan ng imigrasyon.**

## Paano magpa-appointment para sa pagpapabakuna sa loob ng tahanan?

- Tumawag sa **206-848-0243** o mag-email sa vaccineinfo@kingcounty.gov.
- Kung mayroon kang kapansanan at kailangan mo ng akomodasyon, ipaalam ito sa amin pagkakonekta ng tawag.
- Kung kailangan mo ng tagasalin, pakibanggit ang iyong wika pagkakonekta ng tawag.

**Para sa impormasyon sa COVID-19 at mga rekomendasyon sa bakuna, bumisita sa: kingcounty.gov/COVID**

Public Health
Seattle & King County

**Binago:** 03/28/2024